PHILIPPINE RESEARCH/RESOURCE FILE

ASIA COLLECTION
UNIVERSITY OF HAWAII LIBRARY

Pahaya

Vol. IV No. 75 * Tondo & Dagat-Dagatan Development Project * 9 - 4 - 78

"PILOT SUPERBLOCK" TINUKOY; PULONG NGAYONG SETYEMBRE 6

Isang "superblock" ang natukoy kamakailan at dahil dito ay malapit nang isailalim sa reblocking ng Project Team.

Ang bloke, tatawagin simula ngayon bilang "pilot superblock" ng Area I, ay naliligid ng Lakandula sa hilaga, Kagitingan sa silangan, Zaragosa sa timog at panukalang R-10 sa kanluran. (Tingnan ang mapa sa ibaba.)

Bunga nito, dakop ng superblock ang ilang lugar na binabagtas ng mga daang Maria Payo, Balagtas, Paghanapin, Sgt. Mabagos, Zabala, Padre Rada, Matimtiman, Matiisin, at Masikap.

Samantala, ang "composite team # 15", na binubuo ng isang arkitekto, isang community development worker at isang community relations worker, ang itinalaga sa pook na nabanggit.



Ang nabanggit na Team ay binubuo nina Teody Del Rosario, Mila Villoso at Remy Tantiado.

Mga Gawain sa Susunod na Mga Araw

Inaasahan na sa susunod na mga araw ay maisasakatuparan na ang reblocking sa naturang superblock.

Kung kayo po ay kasama sa mga apektado, mas mabuting makipag-alam kaagad sa Tanggapan ng NHA-TFDDP, Don Bosco Office, ukol sa inyong "census verification".

Niliwanag ng Team na karamihan sa mahaharap sa problema ay ang mga nasensus at di-nasensus na "absentee houseowners", mga may "conflict of claims" at mga may nabibinbing kasong "sensus" sa Legal Department ng Awtoridad. Kung kayo ay kabilang sa mga nabanggit ay makabubuting makipag-ugnay kaagad sa sino mang kasapi ng Team 15.

Bilang huling tagubilin, inaanyayahan ang lahat ng apektado na dumalo sa pulong-bayan na gaganapin sa Miyerkoles, ika-6 ng Setyembre, eksaktong ika-3 ng hapon sa Tondo High School.

Papaksain sa pulong na ito ang mga hakbangin (steps) sa pagpapatupad ng reblocking at iba pang detalye ukol sa proyekto.

Umaasa po kami sa inyong siyento porsyentong pagdalo.

*****